

NA-UPDATE NOONG
ABRIL 1, 2024

ANG MGA SAKOP SA IYONG MGAA INSURED DEPOSIT



FDIC

FEDERAL DEPOSIT INSURANCE CORPORATION

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PAMPLETONG ITO

Ang mga sakop sa iyong mga Insured Deposit at karagdagang impormasyon tungkol sa garantisadong proteksyon na maibibigay ng Federal Deposit Insurance Corporation (FDIC) ay matatagpuan sa pampublikong website ng FDIC, www.fdic.gov, kasama ang Isang Sulyap sa Seguro sa Deposito. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong saklaw, maaari mong tawagan ang FDIC nang libre sa 1-877-275-3342. Bilang karagdagan, ang FDIC Electronic Deposit Insurance Estimator (EDIE) ay makakatulong sa pagkalkula ng iyong Deposit Insurance. Para gamitin ito, puntahan ang <https://edie.fdic.gov>.

Dapat unawain na sakaling magsasara ang banko, ito ang pananagutan ng FDIC na magbigay ng proteksyon sa ipon mga depositor sa insured na banko at ito ay may limitado hangang sa garantyang halaga. Ang limitadong halaga ay nakasaad sa batas at regulasyon ng FDIC at walang simumang tao o organisasyon ang maaring palitan ang nakasaad na limitasyon.

Paalala: Hinid layunin ng brochure o pampletong ito na palitan ang mga aktwal na nasulat sa batas at regulasyon ng FDIC at iba pang mga naaangkop na batas. , at hindi rin layunin nito na magbigay ng payo sa pagpapalano ng ari-arian. Ang mga nagdedeposito na humihingi ng ganoong tulong ay dapat makipag-ugnayan sa isang pinansiyal o legal na tagapayo.

Ang impormasyon sa pampletong ito ay batay sa mga batas at regulasyon ng FDIC na may bisa sa pagkalathala. Ang mga tuntuning ito ay maaaring susugan at, samakatuwid, ang ilan sa mga impormasyon sa pampletong ito ay maaaring maging luma na. Ang online na bersyon ng pampletong ito, na makukuha sa website ng FDIC sa <https://www.fdic.gov/resources/deposit-insurance/brochures/insured-deposits/index.html>, ay ia-update kaagad, kung ang mga pagbabago sa panuntunan na nakakaapekto sa sakop ng proteksyon ng FDIC kung saan ito inilathala.

Para maging simple, ang terminong "insured bank na tinutukoy sa pampletong ito "ay nangangahulugang ito sa mga tinutukoy na bangko o asosasyon na tumatanggap ng ipon ng mga depositor ay nakasegurong FDIC Insured. Upang suriin kung siguradong FDIC Insured ang particular na banko; p:

- Tumawag sa FDIC na libre: 1-877-275-3342
- Gamitin ang FDIC "Bank Find" sa: <https://banks.data.fdic.gov/bankfind-suite/bankfind>.
- Hanapin ang opisyal na karatula ng FDIC kung saan tinatanggap ang mga deposito.



- Simula Marso 1, 2026, hanapin ang opisyal na digital na karatula ng FDIC sa mga website ng bangko, mga aplikasyon ng bangko, at, kung saan naaangkop, pati na sa mga ilang ATM ng bangko.

FDIC FDIC-Insured – Backed by the full faith and credit of the U.S. Government

TALAAN NG MGA NILALAMAN

ANO ANG FDIC?	2
MGA PANGUNAHING BAGAY TUNGKOL SA SAKOP NG PROTEKSYON NG FDIC.....	2
MGA KATEGORYA NG PAGMAMAY-ARI	4
MGA SINGLE ACCOUNT.....	4
ILANG RETIREMENT ACCOUNT	6
MGA PINAGSAMANG ACCOUNT	8
MGA TRUST ACCOUNT.....	11
MGA ACCOUNT NG EMPLOYEE BENEFIT PLAN	17
MGA ACCOUNT NG KORPORASYON/SOSYOHAN/ ASOSASYONG HINDI INGKORPORADA.....	20
MGA ACCOUNT NG PAMAHALAAN	21
PINAGSASAMA-SAMA ANG LAHAT: PAGGAMIT NG MARAMING KATEGORYA NG PAGMAMAY-ARI	22
NATATANGING MGA SENARYO NG PAGMAMAY-ARI	26
MGA MADALAS NA KATANUNGAN.....	29

*Tingnan ang likod na pabalat para sa karagdagang
magagamit na mapagkukunan galing sa FDIC.*

ANO ANG FDIC?

Ang FDIC—pinaikli para sa Federal Deposit Insurance Corporation—ay isang independiyenteng ahensya ng pamahalaan ng Estados Unidos. Pinoprotektahan ng FDIC ang mga depositor ng mga Insured Banks na matatagpuan sa Estados Unidos sakaling magsara ang banko.

Ang sakop ng FDIC para sa proteksyon sa Deposit Insurance ay para sa lahat ng depsoitor ng FDIC Insured Banks Ang isang tao ay hindi kailangang maging isang mamamayan ng U.S. o residente para maprotektahan ng FDIC ang kanyang mga deposito.

Ang FDIC Insurance ay sinusuportahan ng buong pagtitiwala at kredito ng Pamahalaan ng Estados Unidos. Mula nang magsimula ang operasyon ng FDIC noong 1934, walang depositor ang nawalan ng isang sentimos ng mga depositong protektado sa FDIC.

MGA PANGUNAHING BAGAY TUNGKOL SA SAKOP NG PROTEKSYON NG FDIC

Ang lahat ng mga valid deposit account sa mga FDIC Insured Banks ay sakop ng proteksyon ng FDIC Ginagarantisado ng FDIC Insurance ang bawat halaga ng dolyar, kabilang ang prinsipal at anumang naipon na interes hanggang sa huling petsa ng pagsasara ng Insured Bank. Ang limitasyon para sa proteksyon ay depende sa halagang nakaseguro.

Sinasaklaw ng seguro ng FDIC ang mga deposito na natanggap sa isang nakasegurong bangko, ngunit hindi sumasakop sa mga pamumuhunan, kahit na binili ang mga ito sa isang nakasegurong bangko.

Ang fdic insures:

- Mga Checking Account
- Mga Negotiable Order of Withdrawal (NOW) na Account
- Mga Savings Account
- Mga Money Market Deposit Account (MMDAs)
- Mga Time Deposit, gaya ng Certificates of Deposit (CDs)
- Mga Cashier's Check, Money Order, at iba pang opisyal na bagay na inisyu ng isang bangko

Ang hindi kasama sa proteksyon ng fdic:

- Mga Pamumuhunan sa Stock
- Mga Pamumuhunan sa Bond
- Mga Mutual Fund
- Mga Crypto-asset
- Mga Patakaran sa Life Insurance
- Mga Annuity
- Mga Munisipal na Seguridad
- Mga Safe Deposit Box, o ang mga nilalaman nito
- Mga Bill, Bond, o Notes ng U.S. Treasury*

**Ang mga pamumuhunan na ito ay hindi kasama sa nakaseguro ng FDIC, ngunit ang mga ito ay sinusuportahan ng buong pagtitiwala at kredito ng pamahalaan ng U.S.*

Ang karaniwang pinakamataas na halaga ng deposit insurance ay \$250,000 bawat depositor, bawat insured bank, para sa bawat kategorya ng pagmamay-ari ng account.

Ang FDIC ay nagbibigay ng proteksyon sa bawat depositor sa pamamagitan ng deposit insurance para sa lahat ng insured deposits na pagmamay-ari ng isang depositor sa mga FDIC Insured Banks. Halimbawa, kung ang isang tao ay may sertipiko ng deposito sa Bangko A at may sertipiko ng deposito sa Bangko B, ang mga account ay nakaseguro nang magkakahiwalay hanggang \$250,000. Ang mga pondong idineposito sa magkakahiwalay na sangay ng parehong Insured Bank ay hindi hiwalay na protektado.

Ang FDIC ay nagbibigay ng hiwalay na sakop ng proteksyon para sa mga depositor ng pondo na maaaring mayroon sa iba't ibang kategorya ng legal na pagmamay-ari. Tinutukoy ng FDIC ang iba't ibang kategoryang ito bilang "mga kategorya ng pagmamay-ari." Nangangahulugan ito na ang isang customer sa bangko na may maraming account ay maaaring maging kwalipikado para sa higit sa \$250,000 sa sakop ng proteksyon, kung ang mga pondo ng customer ay idineposito sa iba't ibang kategorya ng pagmamay-ari at ang mga kinakailangan para sa bawat kategorya ng pagmamay-ari ay natutugunan.

MGA KATEGORYA NG PAGMAMAY-ARI

Inilalarawan ng seksyong ito ang mga sumusunod na kategorya ng pagmamay-ari ng FDIC at ang mga kinakailangan na dapat matugunan ng isang nagdedeposito upang maging kwalipikado para sa sakop ng proteksyon na higit sa \$250,000 sa isang nakasegurong bangko

- Mga Single Account
- Ilang Retirement Account
- Mga Pinagsamang Account
- Mga Trust Account
- Mga Account ng Employee Benefit Plan
- Mga Account ng Korporasyon / Sosyohan / Asosasyong Hindi Ingkorporada
- Mga Account ng Pamahalaan

MGA SINGLE ACCOUNT

Ang Single Account ay isang deposito na pagmamay-ari ng isang tao na walang mga benepisyaryo. Kasama sa kategoryang ng pagmamay-ari na ito ang:

- Isang account na hawak sa pangalan ng isang tao lamang, na walang mga benepisyaryo
- Isang account na itinatag para sa isang tao ng isang ahente, nominado, tagapag-alaga, tagapag-ingat, o konserbador, kabilang ang mga Uniform Transfers to Minors Act Account, Escrow Account, at Brokered Deposit Account (Tingnan ang mga pahina 25 para sa talakayan sa mga pass-through na account.)
- Isang account na hawak sa pangalan ng isang negosyo na nag-iisang pagmamay-ari ("Doing Business As" [o DBA] account)
- Isang account na itinatag para sa o kumakatawan sa mga pondo ng isang namatay na tao karaniwang kilala bilang isang Decedent's Estate Account
- Isang account na hindi kwalipikado para sa hiwalay na sakop sa ilalim ng isa pang kategorya ng pagmamay-ari

Kung ang isang katibayan ng pag-aari ng account ay tumutukoy lamang sa isang may-ari, ngunit ang ibang tao ay may karapatang mag-withdraw ng mga pondo mula sa account (Halimbawa, bilang

Power of Attorney o tagapag-ingat), ang FDIC ay prinoprotektahan ang account bilang isang account ng solong pagmamay-ari.

Pinagsasama-sama ng FDIC ang mga balanse sa lahat ng Single Account na pag-aari ng parehong tao sa parehong bangko at protektado ang kabuuan hanggang \$250,000.

Paalala sa mga benepisyaryo

Kung ang may-ari ng isang Single Account ay nagtalaga ng isa o higit pang mga benepisyaryo na tatanggap ng deposito kapag namatay ang may-ari ng account, ang account ay protektado bilang Trust Account.

HALIMBAWA 1: Single Account

Pangalan ng Account	Uri ng Deposito	Balanse ng Account
Marci Jones	MMDA	\$15,000
Marci Jones	Savings	\$20,000
Marci Jones	CD	\$200,000
Mga Alaala ni Marci (Nag-iisang Pagmamay-ari)	Checkin	\$25,000
Kabuuan		\$260,000
Halaga ng Protektado		\$250,000
Halaga na Hindi Protektado		\$10,000

Paliwanag

Si Marci Jones ay may apat na Single Account sa parehong Insured Bank, kabilang ang isang account sa pangalan ng kanyang Single Account. Protektadong FDIC ang mga deposito na pagmamay-ari ng nag-iisang depositorbilang Single Account ng may-ari ng negosyo. Para makalkula ang Insured Deposit para sa mga Single Account sa isang Insured Bank, kailangang pagsama-samahin ang halaga ng apat na account ng Single Depositor, na ang kabuuan ay \$260,000. Ang protektado ng FDIC ay limitado hanggang \$250,000. Ang balanse na \$10,000 ay hindi protektado.

ILANG RETIREMENT ACCOUNT

Ang mga deposito sa isang retirement account ay protektado sa ilalim ng kategorya ng pagmamay-ari ng Ilang Retirement Account kung ang account ay kwalipikado bilang isa sa mga sumusunod:

- Individual Retirement Account (IRA):
 - » Traditional IRA
 - » Roth na IRA
 - » Simplified Employee Pension (SEP) IRA
 - » mga Savings Incentive Match Plans para sa mga Empleyado (SIMPLE) IRA
- Self-directed defined contribution plan account:
 - » Self-directed 401(k) plan
 - » Self-directed SIMPLE IRA held in the form of a 401(k) plan
 - » Self-directed defined contribution profit-sharing plan
- Self-directed Keogh plan account (o HR10 plan account) designed for self-employed individuals
- Account ng Seksyon 457 na plano ng ipinagpaliban na kompensasyon, tulad ng isang karapat-dapat na plano ng ipinagpaliban na kompensasyon na ibinigay ng estado at mga lokal na pamahalaan, hindi alintana kung ang plano ay self-directed

Para makalkula ang Insured Deposit para sa mga deposit at retirement account na nabanggit sa nakaraang pahina, na pagmamayari ng parehong depositor sa isang Insured Bank, kailangan lamang pagsamasamahin ang bawat halaga ng mga retirement account. Ang kabuuan nito ay protektado ng FDIC hangang \$250,000 Maaaring pangalanan ang mga benepisyaryo sa mga account na ito, subalit hindi tataas ang halaga ng sakop ng Insured Deposit.

Ang ibig sabihin ng “self-directed” ay may karapatan ang mga kalahok sa plano na idirekta kung paano ipinuhunan ang pera, kabilang ang kakayahang idirekta na ang mga deposito ay ilagay sa isang FDIC Insured Bank.

Itinuturing ng FDIC na self-directed ang isang account, kung ang isang kalahok sa retirement plan ay may karapatang pumili ng mga deposit account ng isang partikular na bangko bilang isang opsyon. Halimbawa:

- Kung ang isang plano ay may mga deposit account sa isang partikular na Insured Bank bilang default na opsyon nito, ituturing ng FDIC na self-directed ang plano para sa mga layunin ng sakop ng proteksyon dahil, kapag ang partisipante ay hindi gumawa ng aksyon, nangangahulugan na ang ang partisipante ay nagdirekta sa paglalagay ng mga naturang deposito.
- Kung ang isang plano ay binubuo lamang ng isang tagapag-empleyo/empleyado, at ang tagapag-empleyo ay nagtatatag ng plano na may iisang opsyon ng mga deposit account sa isang partikular na Insured bank, kung gayon ang plano ay ituturing na self-directed para sa mga layunin ng insurance coverage.

Mga Retirement Account na hindi kasama sa proteksyon ng FDIC:

- Isang plano kung saan ang tanging paraan ng pamumuhunan ay ang mga deposit accounts ng isang partikular na bangko, upang ang mga partisipante ay walang mapagpipiliang pamumuhunan.
- Mga deposit account na itinatag sa ilalim ng seksyon 403(b) ng Internal Revenue Code (mga kontrata sa annuity para sa ilang empleyado ng mga pampublikong paaralan, mga organisasyong walang buwis at mga ministro), na protektado bilang mga account sa Employee Benefit Plan.
- Mga deposito ng Defined benefit na plano (mga plano kung saan ang mga benepisyo ay tinutukoy ng kompensasyon ng empleyado, mga taon ng serbisyo, at edad), na protektado bilang mga account ng Employee Benefit Plan.
- Defined contribution na plano na hindi self-directed, na protektado bilang mga Employee Benefit Plan na Account.

HALIMBAWA 2: Ilang Retirement Account

Pangalan ng Account	Balance ng Account
Roth IRA ni Bob Johnson	\$180,000
IRA ni Bob Johnson	\$75,000
Kabuuan	\$255,000
Halaga ng Protektado	\$250,000
Halaga na Hindi Protektado	\$5,000

Paliwanag

Si Bob Johnson ay may dalawang magkaibang uri ng mga retirement account na kwalipikado bilang Ilang Retirement Account sa parehong Insured Bank. Para sa pagkakalkula ng deposit insurance, pinagsasama-sama ng FDIC ang mga deposito sa parehong mga account, na katumbas ng \$255,000. Protektado ng FDIC ang kabuuang balanse ng mga deposito ni Bob sa mga ilang retirement account na ito hanggang \$250,000, na nag-iiwan ng \$5,000 ng kanyang mga deposito na hindi protektado.

MGA PINAGSAMANG ACCOUNT

Ang pinagsamang account ay isang deposito na pagmamay-ari ng dalawa o higit pang mga tao na walang mga benepisyaryo. Ang sakop ng proteksyon ng FDIC ang mga pinagsamang account na pagmamay-ari sa anumang paraan na naaayon sa naaangkop na batas ng estado, tulad ng mga pinagsamang magkasambahay na may karapatang mabuhay, mga magkasambahay sa kabuuan, at mga nangungupahan na pareho.

Upang maging kwalipikado para sa sakop ng proteksyon sa ilalim ng kategoryang ito ng pagmamay-ari, dapat matugunan ang lahat ng sumusunod na mga kinakailangan:

1. Lahat ng kapwa may-ari ay dapat na mga buhay na tao. Ang mga legal na nilalang gaya ng mga korporasyon, trust, estate, o sosyohan ay hindi karapat-dapat para sa sakop ng pinagsamang account.
2. makakapag-withdraw lamang ng mga deposito sa pirma ng parehong kapwa may-ari, ang mga kapwa may Pantay pantay ang karapatang mag-withdraw sa mga deposito ang lahat ng kapwa may-ari kung ang nalathalang kasunduan ay pinapayagang isang pirma ay pinahintulutang mag-withdraw sa mga deposito. Subalit, kapag ang nilathalang kasunduan ay hindi pinahintulutan ang isang pirma lamang, nangangailangang lahat ng co-owner ay pumirma para mapahintulutang mag withdraw sa mga deposito. Halimbawa, kung ang isang kapwa may-ari ay maaaring mag-withdraw ng mga deposito sa kanyang pirma lamang, ngunit ang ibang kasamang-may-ari ay -ari ay hindi magkakaroon ng pantay na karapatan sa pag-withdraw.

3. Ang lahat ng kapwa may-ari ay personal na nakapirma, na maaaring kabilang ang pagpirma sa elektronikong paraan, isang deposit account signature card, o bilang kahalili, ang insured bank ay may impormasyon sa mga talaan ng deposit account nito na nagtatatag ng kapwa pagmamay-ari ng account. Ang mga kinakailangang ito ay hindi kasama sa mga CD o account na itinatag ng isang ahente, nominado, tagapag-alaga, tagapag-ingat, tagapagpatupad, o konserbador.

Kung matugunan ang lahat ng mga kinakailangang ito, ang mga bahagi ng bawat kapwa may-ari ng bawat pinagsamang account na pagmamay-ari niya sa parehong Insured Bankay idaragdag nang magkakasama at ang kabuuan ay protektado ng hanggang \$250,000.

Ipinapalagay ng FDIC na ang lahat ng bahagi ng mga kapwa may-ari ay may parehong karapatan maliban kung iba ang isinasaad ng mga talaan ng deposit account.

Ang balanse ng isang pinagsamang account ay maaaring lumampas sa \$250,000 at ganap pa ring nakaseguro. Halimbawa, kung ang parehong dalawang kapwang may-ari ay magkasamang nagmamay-ari ng parehong \$350,000 na CD at isang \$150,000 na savings account sa isang parehong Insured Bank, ang dalawang account ay idaragdag at protektado ng hanggang \$500,000, na magbibigay ng hanggang \$250,000 sa sakop ng proteksyon para sa bawat kapwa may-ari. Ipinapalagay ng halimbawang ito na ang dalawang kapwa may-ari ay walang iba pang mga pinagsamang account sa bangko (magkasama man o sa sinumang iba pang indibidwal).

Ang sakop ng proteksyon ng mga pinagsamang account ay hindi nadaragdagan sa pamamagitan ng muling pagsasaayos ng mga pangalan ng mga may-ari o mga numero ng Social Security, o pagbabago ng estilo ng kanilang mga pangalan.

Ang paghahalili ng paggamit ng “o,” “at” o “at/o” upang paghiwalayin ang mga pangalan ng mga kapwa may-ari sa isang pamagat ng pinagsamang account, ay hindi rin makakaapekto sa halaga ng sakop ng proteksyon na ibinigay.

Paalala sa mga benepisyaryo

Kung sakaling pumanaw ang mga kapwa may-ari ng joint account ay nagtalaga ng isa o higit pang mga benepisyaryo na tatanggap ng deposito, ang account ay protektado bilang isang Trust Account.

HALIMBAWA 3: Pinagsamang Account

Pangalan ng Account	Uri ng Deposito	Balanse ng account	Bahagi ng bawat May-ari
Mary at John Smith	MMDA	\$230,000	\$115,000
Mary o John Smith	Savings	\$250,000	\$125,000
Mary o John o Robert Smith	CD	\$270,000	\$90,000
Kabuuan		\$750,000	

Insurance Coverage for Each Owner is Calculated as Follows:

Mga May-ari	Kabuuang Bahagi ng lahat ng Pagmamay-ari	Halaga ng Protektado	Halaga ng Hindi Protektado
Mary	\$330,000	\$250,000	\$80,000
John	\$330,000	\$250,000	\$80,000
Robert	\$90,000	\$90,000	\$0
Kabuuan	\$750,000	\$590,000	\$160,000

Paliwanag

- Ang kabuuang halaga sa bawat pinagsamang account ay hinati sa bilang ng mga kapwa may-ari
- Ang bahagi ng pagmamay-ari ni Mary sa lahat ng pinagsamang account ay katumbas ng 1/2 ng MMDA account (\$115,000), 1/2 ng savings account (\$125,000), at 1/3 ng CD (\$90,000), para sa kabuuang \$330,000. Dahil limitado sa \$250,000 ang sakop niya sa kategorya ng pagmamay-ari ng pinagsamang account, hindi protektado ang \$80,000
- Ang bahagi ng pagmamay-ari ni John sa lahat ng pinagsamang account ay kapareho ng kay Mary, kaya ang \$80,000 ng mga deposito ni John ay hindi protektado
- Ang bahagi ng pagmamay-ari ni Robert sa lahat ng pinagsamang account ay katumbas ng 1/3 ng CD (\$90,000), kaya ang kanyang bahagi ay ganap na protektado

MGA TRUST ACCOUNT

Ang Trust Account ay mga deposito na hawak ng isa o higit pang mga may-ari sa ilalim ng alinman sa isang impormal na revocable trust (Halimbawa, Payable on Death (POD) at In Trust For (ITF) na mga account), isang pormal na revocable trust, o isang irrevocable trust. Ang iba pang mga non-testamentary trust arrangement (Halimbawa, mga Interest on Lawyers' Trust Account [IOLTAs]) ay tinutugunan sa Pass-through Insurance na seksyon ng brochure na ito.

MAHALAGA: Simula Abril 1, 2024, ang pinakamataas na sakop ng proteksyon para sa isang may-ari ng trust na may lima o higit pang mga benepisyaryo ay \$1,250,000 bawat may-ari. Nalalapat ang pagbabago sa sakop na ito sa mga umiiral at bagong trust account, kabilang ang mga CD (anuman ang petsa ng maturity). Maaaring pangalanan ng mga nagdedeposito ang pinakamaraming benepisyaryo hangga't gusto nila, gayunpaman ang limitasyon sa pagsakop ay hindi lalampas sa \$1,250,000 simula Abril 1, 2024, anuman ang petsa ng maturity o ang petsa kung kailan binili ang CD.

Para sa mga Trust Account, ang terminong "may-ari" ay nangangahulugan din ng tagapagbigay, settlor, o trustor ng trust. Kung ang isang trust ay may higit sa isang may-ari, ang sakop ng proteksyon ng bawat may-ari ay kinakalkula nang hiwalay.

Kasama sa mga Trust Account ang:

- **Mga Impormal na Revocable na Trust** – kadalasang tinatawag na pwedeng bayaran sa pagkamatay, Totten trust, sa trust para sa, o bilang tagapangasiwa para sa mga account– ay nilikha kapag ang may-ari ng account ay pumirma ng isang kasunduan sa deposit account, na nag-uutos sa bangko na ilipat ang mga pondo sa account sa isa o higit pang pinangalanang benepisyaryo sa pagkamatay ng may-ari.
- **Mga Pormal na Revocable na Trust** – na kilala bilang mga trust sa pamumuhay o pamilya– ay mga nakasulat na trust na nilikha para sa mga layunin ng pagpapalano ng ari-arian. Kinokontrol ng may-ari ang mga deposito at iba pang mga asset sa trust habang siya ay nabubuhay. Ang

kasunduan ay nagtatatag na ang mga deposito ay babayaran sa isa o higit pang natukoy na mga benepisyaryo sa pagkamatay ng may-ari. Ang mga trust na ito ay karaniwang maging irrevocable kapag namatay ang may-ari.

- **Mga Irrevocable na Trust** ay mga deposit account na hawak na may kaugnayan sa isang trust na itinatag ng batas o isang nakasulat na kasunduan sa trust kung saan ang may-ari ay nag-aambag ng mga deposito o iba pang ari-arian sa trust at isinuko ang lahat ng kapangyarihan upang kanselahin o baguhin ang trust. Ang isang Irrevocable Trust ay maaaring umiral sa pagkamatay ng isang may-ari ng isang pormal na revocable na trust. (Ang sakop ng proteksyon sa mga deposito para sa mga irrevocable na trust deposit ay kinakalkula sa parehong paraan tulad ng mga revocable na trust deposit. Ang mga patakaran ay hindi na isinasaalang-alang ang anumang walang-tiyak na mangyayari o ang nananatiling interes ng tagapagbigay.)

Sakop At Mga Kinakailangan Para Sa Mga Trust Account

Sa pangkalahatan, ang bawat may-ari ng (mga) Trust Account ay protektado ng hanggang \$250,000 sa bawat natatanging (iba't ibang) karapat-dapat na benepisyaryo, hanggang sa pinakamataas na \$1,250,000 para sa lima o higit pang mga benepisyaryo. Dapat matugunan ng isang trust (maaaring revocable o irrevocable) ang lahat ng sumusunod na kinakailangan upang protektado sa ilalim ng kategorya ng mga trust account.

1. **Isinasaad sa Pamagat ang Relasyon ng Trust (para sa mga pormal na Trust lamang).** Para sa mga pormal na trust account, kabilang ang mga revocable at irrevocable na mga trust, ang pamagat ng account sa bangko ay dapat magpahiwatig na ang account ay hawak alinsunod sa isang relasyon ng trust. Maaaring matugunan ang pangangailangang ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga termino gaya ng living trust, family trust, irrevocable trust, o anumang katulad na wika, kasama ang simpleng pagkakaroon ng salitang "trust" sa pamagat ng account. Kasama sa pamagat ng account ang impormasyong nakapaloob sa mga talaan ng elektronikong deposit account ng bangko.

Para sa mga impormal na revocable na trust (Halimbawa, mga POD account), maaaring kabilang sa pamagat ng account ang POD/ITF o katulad na wika, ngunit hindi na ito kinakailangan.

2. **Natukoy na mga Benepisyaryo.** Para sa mga impormal na revocable trust, ang mga benepisyaryo ay dapat na pangalanan sa mga talaan ng deposit account ng bangko. Para sa mga pormal na trust account, parehong revocable at irrevocable, ang mga benepisyaryo ay dapat matukoy sa pormal na dokumento ng trust. Para sa isang pormal na kasunduan sa trust, katanggap-tanggap para sa trust na gumamit ng wika tulad ng "aking isyu" o iba pang karaniwang ginagamit na mga legal na termino upang ilarawan ang mga itinalagang benepisyaryo, basta't matutukoy ang mga partikular na pangalan at bilang ng mga karapat-dapat na benepisyaryo. Hindi nililimitahan ng FDIC ang bilang ng mga benepisyaryo na maaaring matukoy ng isang nagdedeposito sa isang trust sa isang depositoryong institusyon para sa mga trust account kahit na mayroong higit sa limang benepisyaryo. Gayunpaman, ang sakop ay limitado sa \$250,000 bawat benepisyaryo hanggang sa pinakamataas na \$1,250,000 gaya ng inilarawan sa ibaba.
3. **Pagiging Kwalipikado ng Benepisyaryo.** Upang maging kwalipikado bilang isang karapat-dapat na benepisyaryo, para sa mga layunin ng pagsakop sa proteksyonsa deposito, ang isang benepisyaryo ay dapat na isang buhay na tao, isang kawanggawa, o isang non-profit na organisasyon. Kung ang isang kawanggawa o non-profit na organisasyon ay pinangalanan bilang isang benepisyaryo, dapat itong maging kwalipikado sa ilalim ng mga regulasyon ng Internal Revenue Service (IRS). Pakitandaan kung pinangalanan ng isang solong may-ari ang parehong benepisyaryo sa maraming trust account sa parehong bangko, isang beses lang binibilang ang benepisyaryo na iyon kapag tinutukoy ang coverage.

Sakop Ng Trust Deposit Insurance

Ang mga trust na deposito ng may-ari ay PROTEKTADO sa halagang \$250,000 para sa bawat karapat-dapat na benepisyaryo, hanggang sa pinakamataas na \$1,250,000 kung lima o higit pang mga karapat-dapat na benepisyaryo ang pinangalanan. Ito ay limitado sa mga pinagsamang interes ng lahat ng benepisyaryo na pinangalanan ng may-ari sa mga revocable at irrevocable na mga trust account sa parehong bangko.

Kung ang isang trust ay may higit sa isang may-ari, ang sakop ng proteksyon ng bawat may-ari ay kinakalkula nang hiwalay. Ang sakop ng proteksyon sa deposito para sa bawat may-ari ng trust ay tinutukoy sa pamamagitan ng pagmultiplika ng \$250,000 na beses sa bilang ng mga karapat-dapat na benepisyaryo, anuman ang halaga ng dolyar o porsyento na inilaan sa bawat benepisyaryo, na may kabuuang pinakamataas na halaga ng seguro na \$1,250,000 para sa lima o higit pang mga benepisyaryo.

Maaaring tukuyin ng may-ari ng trust ang ilang benepisyaryo hangga't gusto nila; gayunpaman, para sa mga layunin ng proteksyonsa deposito, ang isang may-ari ng trust account na kinikilala ang lima o higit pang mga karapat-dapat na benepisyaryo ay hindi protektado nang lampas sa \$1,250,000 bawat bangko. Sa pagkalkula ng sakop ang isang benepisyaryo ay nagbibilang lamang ng isang beses bawat may-ari, kahit na ang parehong benepisyaryo ay kasama ng maraming beses sa mga trust account sa parehong bangko.

Pinakamataas na Sakopng Proteksyon sa bawat May-ari ng Trust

Bilang ng Natatanging Mga Bebenepisyaryo	Pinakamataas na Deposito na Saklaw ng Seguro
1 Benepisyaryo	\$250,000
2 Mga Benepisyaryo	\$500,000
3 Mga Benepisyaryo	\$750,000
4 Mga Benepisyaryo	\$1,000,000
5 o Higit pang Mga Benepisyaryo	\$1,250,000

Kapag kinakalkula ang sakop para sa Mga Trust Account, ginagamit ng FDIC ang formula:
ng Mga May-ari x # ng Mga Benepisyaryo x \$250,000
= Halaga ng proteksyon (hindi lalampas sa \$1,250,000 bawat may-ari para sa lahat ng trust account)

HALIMBAWA 4: Maramihang Trust Account, lima o higit pang mga benepisyaryo

Pangalan ng Account	May-ari	Mga Benepisyaryo	Uri ng Deposito	Balance ng Account
John Jones (buhay na trust)	John	Jack, Janet, Ron, Sue, Bob	MMDA	\$10,000
John Jones (POD)	John	Jack, Janet	Savings	\$20,000
John Jones (irrevocable natrust sa kawanggawa)	John	Kawanggawa na kinikilala ng IRS	CD	\$1,250,000
Kabuuuan				\$1,280,000
Halaga ng Protektado				\$1,250,000
Halaga na Hindi Protektado				\$30,000

Paliwanag

May tatlong trust account si John Jones – isang pormal na revocable trust, isang impormal na revocable trust, at isang irrevocable trust sa parehong nakasegurong bangko. Sa pagitan ng tatlong trust account na ito, pinangalanan ni John ang anim na karapat-dapat na benepisyaryo (limang magkakaibang tao at isang kawanggawa). Kahit na anim na benepisyaryo ang pinangalanan, ang pinakamataas na sakop ng insurance ay kinakalkula tulad ng sumusunod: 1 may-ari x 5 benepisyaryo x \$250,000 = \$1,250,000. Si John Jones ay mayroong \$30,000 na hindi protektado dahil ang kanyang kabuuang balanse ay \$1,280,000, na lumampas sa limitasyon ng insurance ng \$30,000.

Hindi nililimitahan ng mga regulasyon ng FDIC ang bilang ng mga benepisyaryo na tinutukoy ng may-ari ng trust para sa kanilang mga layunin sa pagpaplano ng ari-arian. (Sa halimbawang ito, tinukoy ni John Jones ang anim.) Gayunpaman, kapag kinakalkula ang sakop ng proteksyon, ang limitasyon ng proteksyon sa bawat bangko ng may-ari ng trust para sa mga trust account ay nasa pinakamataas kapag natukoy nila ang limang karapat-dapat na benepisyaryo.

HALIMBAWA 5: Maramihang Trust Account

Numero ng Account	(Mga) May-ari ng Account	Mga Benepisyaryo Beneficiaries	Balanse ng Account
1	Paul at Lisa Li (Buhay na Trust)	John at Sharon Li	\$700,000
2	Lisa Li (POD)	Sharon at Bill Li	\$450,000

Mga May-ari	Mga Benepisyaryo	Bahagi	Nakaseguro	Hindi Nakaseguro
Paul	John, Sharon	\$350,000	\$350,000	\$0
Lisa	John, Sharon, Bill	\$ 800,000	\$750,000	\$50,000
Kabuuan		\$1,150,000	\$1,100,000	\$50,000

Paliwanag

Ang bahagi ng bawat may-ari ng bawat trust account ay idinaragdag nang sama-sama at ang bawat may-ari ay tumatanggap ng hanggang \$250,000 sa sakop ng proteksyon para sa bawat karapat-dapat na benepisyaryo.

- Bahagi ni Paul: \$350,000 (50% ng Account 1)
- Bahagi ni Lisa: \$800,000 (50% ng Account 1 at 100% ng Account 2)

Dahil pinangalanan ni Paul ang dalawang karapat-dapat na benepisyaryo, ang kanyang pinakamataas na saklaw ng seguro ay \$500,000 (\$250,000 x 2 benepisyaryo). Dahil ang kanyang bahagi sa Account 1 (\$350,000) ay mas mababa sa \$500,000, siya ay ganap na protektado.

Dahil pinangalanan ni Lisa ang tatlong karapat-dapat na benepisyaryo sa pagitan ng Accounts 1 at 2, ang kanyang pinakamataas na sakop ng proteksyon ay \$750,000 (\$250,000 x 3 beneficiaries). Dahil ang kanyang bahagi sa parehong mga account (\$800,000) ay lumampas sa \$750,000, hindi siya protektado sa halagang \$50,000.

Kung mayroon kang mas kumplikadong istraktura ng trust, mangyaring makipag-ugnayan sa FDIC sa 1-800-275-3342.

Mga Benepisyaryo sa Life Estate

Ang isang may-ari na nagpakilala ng isang benepisyaryo bilang may interes sa life estate sa isang pormal na revocable trust ay may karapatan sa saklaw ng seguro hanggang \$250,000 para sa benepisyaryo na iyon. Ang benepisyaryo ng life estate ay isang benepisyaryo na may karapatang tumanggap ng kita mula sa trust o gumamit ng mga trust deposit habang nabubuhay ang benepisyaryo, kung saan natatanggap ng ibang mga benepisyaryo ang natitirang mga trust deposit pagkatapos mamatay ang benepisyaryo ng life estate.

